

Isinulat ni

Melvin John B. Atole

si  
**PONYANG**  
at aNG  
**Lihim**  
ng  
**KUWEBA**

Ponyang and the  
Secret of the Cave

Iginuhit ni Sarah M. Geneblazo


Winner of  
CANVAS'  
Romeo Forbes  
Children's  
Storywriting  
Competition

**Siyang  
PONYANG  
at aNG  
Lihim  
ng  
KUWEBA**

**Ponyang and the  
Secret of the Cave**

Kuwento ni  
Melvin John B. Atole


Likhang-sining ni  
Sarah M. Geneblazo



**N**agmadali na naman ang kaibigan kong si Ponyang umuwi pagkatapos ng aming klase. Nagtataka man ako sa ikinikilos niya, kakikitaan naman ang kaniyang mukha ng kasiyahan.

Dati ay sabay kaming naglalakad mula sa paaralan pauwi. Binabaybay namin ang dalampasigan kung saan nakahimpil ang mga bangka ng mga mangingisda sa aming pamayanan. Kabilang sa mga bangkang ito ang sa mga tatay namin.

Ngunit nitong mga nakaraang araw ay hindi na siya sumasabay sa akin o sa aming mga kaklase.




“Ponyang! Sabay na  
tayong umuwi!” tawag  
ko sa kaniya matapos ang  
aming klase.

“Di ako makakasabay sa iyo,  
Potpot. May pupuntahan pa kasi ako.”

“Saan ka ba pupunta? Hindi ka pa ba  
nagugutom? Saka magdidilim na. Di ka ba  
natatakot umuwing mag-isa?”


“Basta!” Tanging salita na narinig ko sa kaniya at  
tuluyan na niya akong iniwan.



Nahihiwagaan pa rin ako sa kakatwang gawi ni Ponyang. Kinabukasan, di ko natiis na di magtanong sa kaniya.

“Kumusta ang lakad mo kahapon?”

“Okay naman, Potpot.” Pansin ko ang galak na minsan lang masilayan sa kaniyang mga mata at labi.




“Saan ka ba nagpupunta? Puwede mo ba akong isama minsan?”

“Sige, pag-iisipan ko,” matipid niyang tugon.

Madalas na walang kibo sa aming klase si Ponyang. Ngunit kapag tumunog na ang batingaw, hudyat na tapos na ang klase, nanunumbalik ang sigla at galak, na nakikita sa kaniyang mukha.



A woman with long dark hair, wearing a white sleeveless lace dress, is walking barefoot on a paved path. She is positioned on the right side of the frame, walking away from the viewer. The path is surrounded by a dense forest of tall, thin trees with green foliage. The lighting is soft and dappled, suggesting a shaded forest environment. The overall mood is serene and contemplative.

Minsan, palihim ko siyang sinundan,  
ngunit napakabilis niyang maglakad.




A dense forest of tall, thin trees with green foliage, viewed from a low angle looking up. The trees are closely packed, and their branches and leaves create a complex, textured canopy. The lighting is soft and diffused, suggesting an overcast day or a shaded forest interior. The ground is visible at the bottom, appearing as a mix of brown earth and fallen leaves.


Bigla na lamang siyang nawala sa aking paningin nang mapadaan kami sa may kakahuyan.

Nangangamba rin ako para sa kaniyang kaligtasan dahil madilim na sa daan. Pero naiisip kong napakatapang niya at di niya alintana ang panganib.





Kinaumagahan, nagtungo ako sa kanilang bahay upang kumustahin siya. Sabi ng kaniyang ina, maaga raw siyang umalis ng kanilang bahay. Nagtaka ako dahil Sabado at wala naman kaming klase.

A woman with long dark hair, wearing a white sleeveless lace dress, is walking away from the viewer down a dirt path in a dense forest. The trees are tall and thin, with green foliage. The ground is covered in brown leaves and twigs.

Sinubukan kong balikan ang lugar na dinaanan namin noong nakaraang gabi. Masukal ang kakahuyan. Binabawalan kaming pumunta roon ng mga matatanda nang mag-isa.

May naglalakihang puno na may makakapal na sanga at dahon, at nakaharang ito sa daraanan, tila nagbabanta na huwag nang tumuloy.

May matutulis at madudulas ding mga bato na sa isang maling hakbang ay makasusugat o nakadudulas. Nadaanan ko rin ang makipot na daan na may bangin sa dulo.


“Paano ito nakakayanan ni Ponyang? Ano ba ang mayroon sa kaniyang pinupuntahan?” Tanong ko sa sarili habang tinatalunton ang daan patungo sa kinaroroonan ni Ponyang.



Malakas ang kalabog ng aking dibdib sa pagsunod ko kay Ponyang kaya saglit akong nagpahinga. Ilang sandali pa ay bumuhos ang malakas na ulan.


Sa di kalayuan ay may natanaw akong malaking tipak ng batong hugis-puno. Naisip kong baka maaari akong sumilong sa lilim nito. Hindi naging madali ang pagtungo ko roon —madulas ang daan, at matataas ang mga talahib.

Nang matunton ko iyon, namangha ako sa aking nakita. Bungad pala ito ng isang kuweba. Kahit madilim sa loob, nagmadali akong pumasok upang makapagpatuyo.

A painting of a dark cave interior. The background is dominated by a large, textured rock formation with a yellowish-gold glow. In the foreground, a small, glowing object, possibly a lantern or a small creature, is visible. The overall mood is mysterious and atmospheric.

Sa loob, nakaramdam ako ng kakaibang uri ng lamig. Lalo akong kinabahan nang may marinig akong tunog na di ko mawari kung huni ba ng ibon o atungal ng mabangis na hayop. Takot man, pilit kong ginalugad ang loob ng kuweba.

Nanlaki ang aking mga mata at napasigaw ako sa pagdapo sa balikat ko ng kabag, isang maliit na paniki.



Nagtatakbo ako sa loob  
ng kuweba hanggang sa may  
matanaw akong liwanag.  
Sinundan ko ito at natagpuan  
ko si Ponyang sa dulo ng  
kuweba. May lagusan ito na  
nakabungad sa tabing-dagat.

Nakaupo siya at tila may kinakausap. Sinipat ko ang kinatatayuan niya ngunit wala akong nakitang ibang tao.

Nilakasan ko na ang aking loob at tinawag ko na siya.


“Paano ka napadpad dito?” gulat na usisa ni Ponyang.

“Galing ako sa inyo. Sabi ng nanay mo, maaga ka raw umalis. Kaya sinundan kita patungo sa lugar na ito. Ngunit napakabilis mong maglakad kaya di na kita naabutan.”

Napangiti si Ponyang. Hinawakan niya ang aking kamay at inalalayan pababa. Mayroon daw siyang ipapakita sa akin.







Ilang hakbang mula sa dulo ng kuweba ay may mga malililit na ulong sumisilip mula sa buhangin, mga ulo ng maliliit na pawikan!



Nanlaki ang aking mga mata.

Isa palang kanlungan ng mga pawikan ang dulo ng kuwebang pinupuntahan ni Ponyang. Nasaksihan ko ang pagpupumiglas ng mga munting pawikan mula sa mga itlog, maging ang maliliit na pagkaripas patungo sa dagat.


Talagang kagila-gilalas ang aking natunghayan!



“Sila ang dahilan kung bakit lagi akong nagmamadali galing sa eskuwela. Tinitiyak kong ligtas sila sa anumang maaaring kumain o kumuha sa kanila,” paliwanag ni Ponyang.

Kuwento pa niya, una niyang nakita ang ilang inang pawikan noong minsang nangisda sila ng kaniyang tatay. Natanaw niya ang mga ito na pumapasok sa kuweba. “Bawal daw pasukin ang kuwebang iyon at mapanganib,” banggit sa kaniya ng kaniyang ama.

Ngunit nanaig ang kagustuhan niyang makita sila nang malapitan kaya tinalunton niya ang kuweba. Sa kaniyang paniniktik, nakita niya ang pangingitlog ng mga inang pawikan, na bumabalik rin kinalaunan sa dagat.

A detailed painting of a wooden boat's interior. The scene is filled with various pieces of driftwood, some of which are arranged to form a structure. A woven basket is visible in the lower right. The lighting is warm and focused, highlighting the textures of the wood and the intricate details of the boat's construction.

Dagdag pa niya, binabakuran niya ito ng mga putol na sanga ng kahoy upang di lapitan ng mga hayop na maaaring kumain sa kanila.


Pinanood namin at sinundan ang maliliit na pawikang lumabas ng kuweba.




Mula sa bungad nito, natanaw ko ang iba pang kamangha-manghang lihim ng kuweba. Sa taas ng yungib ay may mga batong tila nakalambiting espada. Mayroon ding maliit na batis na dumadaloy sa loob ng kuweba. Bukod sa mga kabag, may maliliit na mayang lumilipad palabas. Pambihira itong lugar na ito!

“Masaya ako na hindi na lang ako ang nakakaalam sa kuweba,” sabay hagikgik ni Ponyang.

Habang papalapit sa dalampasigan,  
nag-uunahang tumakbo ang mumunting  
pawikan. Tinatawag sila ng dagat sa  
pamamagitan ng indayog ng mga  
alon at tilamsik ng tubig.





Dahan-dahan, pinulot ko ang isang pawikan at binulungan ng paalam at pagkatapos ay ibinaba uli sa buhangin at pinanood na lumayo.

Maliliit man ang kanilang paghakbang, tiyak silang manunumbalik sa kanilang tunay na tahanan — *ang karagatan.*

## Tungkol sa Manunulat

Si **MELVIN B. ATOLE** ay isang guro sa Mababang Paaralan ng Sumilang sa Antipolo. Natapos niya ang kanyang M.A. sa *Educational Management* mula sa Thomas Claudio Colleges sa Morong, Rizal. Kinikilala si Melvin bilang isang mahusay na *adviser*. Kamakailan lang, ginawaran ng ikatlong gantimpala sa 2018 *National Schools Press Conference* na ginananap sa siyudad ng Dumaguete ang “Ang Pagsilang,” ang kanilang pahayagang pampaaralang elementarya sa wikang Filipino. Ganundin, kinilala siya ni Mayor Casimiro Ynares III ng Antipolo bilang *Most Outstanding School Paper Adviser* sa kanilang lungsod, at pati na rin ng *Hamaka Awards of Excellence in Education* nitong 2018.

Sumali siya sa sa *Romeo Forbes Storywriting Contest* para subukan ang kanyang galing sa pagsusulat. Sa pamamagitan ng kanyang kwento, nais niyang mag-ambag sa pagmumulat tungkol sa kalikasan at sa kalagahan ng pagmamahal at pag-aalaga rito.

## Tungkol sa Pintor

Si **SARAH M. GENEBLAZO** ay nagtapos ng kursong *fine arts major in visual communication* mula sa Kolehiyo ng Fine Arts sa Unibersidad ng Pilipinas, at kasalukuyang pangulo ng *Neo Angono Artists' Collective, Inc.* Ang kanyang mga obra ay nagsisiwalat ng kanyang masalimuot na mga karanasan noong kabataan at nagsisilbing maka-sining na prosesong *therapeutic* tungo sa sariling paghilom. Isa siya sa mga ginawarang premyo sa Pambansang Timpalak para sa Sining ng PLDT-NPC taong 2010. Siya rin ay nagtamo ng pangunahing gantimpala sa patimpalak ng *Department of Agrarian Reform* para sa pagpipinta ng sining sa pader taong 2006 sa Siyudad ng Lipa, Batangas, kung saan ang nalikom na premyo’y ginamit niyang pantustos sa unang taon ng kanyang pag-aaral sa UP Diliman.

Naitanghal na ang kanyang mga likhang-sining sa ibayong dagat at sa *Art Fair Philippines 2016*, kabilang na din dito sa mga lokal na *gallery* para sa sining tulad ng Galerie Stephanie, Blanc Gallery, West Gallery, at J Studio.





CANVAS' **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.


*Imagine and believe. A child with art and stories can change the world.*

You can help us!

For more information, visit [www.canvas.ph](http://www.canvas.ph), email [info@canvas.ph](mailto:info@canvas.ph), or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

CANVAS, a non-profit organization,  
works with the creative community to promote children's literacy,  
explore national identity, and broaden public awareness  
of Philippine art, culture, and the environment.



Sinubukan kong balikan ang lugar na dinaanan namin  
noong nakaraang gabi. Masukal ang kakahuyan.

Binabawalan kaming pumunta roon  
ng mga matatanda nang mag-isa.

May naglalakihang mga puno na may makakapal na sanga at dahon,  
at nakaharang ito sa daraanan, tila nagbabanta na  
huwag nang tumuloy.



**CANVAS Stories.**  
Real Life Told Beautifully.

